# Pag-access sa rehabilitasyon sa pamamagitan ng telehealth

World PT Day 2020

## Kailan gagamitin ang telehealth?

Ang mga physical therapist ay gumagamit ng telehealth para patuloy na makapagbigay suporta sa mga pasyente at para mabigyang lunas ang iba't ibang mga karamdaman o kondisyon sa panahon ng COVID-19, gaya ng:

- chronic obstructive pulmonary disease
- matagalang sakit sa puso
- type 2 diabetes
- iba't ibang uri ng rayuma
- mental health na mga kondisyon
- sakit sa buto, kasukasuan at kalamnan
- kanser
- pagkatapos maoperahan (halimbawa ay pagpapalit ng balakang o tuhod)

## Mga kailangang pagtuunan ng pansin bago magpa-apoyntment para sa telehealth:

**01** Gagamit ka ba ng kompyuter, laptop, tablet o ibang mga mobile na kagamitan?

**02** Mayroon ka bang sapat at maaa-sahang koneksyon sa internet?

**03** Siguraduhin na ang iyong microphone, speaker o headphone at kamera ay gumagana

**04** Walang magandang koneksyon sa internet? Puwede kang gumamit ng iyong landline na telepono

**05** Gusto mo bang samahan ka ng iyong kaibigan o kapamilya habang ikaw ay nagpapakonsulta?

**06** Puwedeng ikaw ay pakiusapang kumilos o gumalaw at may ipapagawang mga ehersisyo kaya planuhin kung ano ang iyong isusuot

**07** Gumawa ng listahan ng mga katanungan para sa mga bagay na gusto mo malaman

**Paghandaan ang iyong pakikipagkita sa iyong physical therapist na kahalintulad din ng sa personal na pakikipagkita. Siguraduhin na mayroon kang numero ng telepono ng iyong physical therapist sakali man na magkaroon ng mga teknikal na problema.**

**Ang telehealth ay maaaring maging kasing epektibo sa nakaugaliang mga pamamaraan ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan para mapabuti ang iyong pisikal na kakayahan at mabigyang lunas ang iyong sakit dulot ng iba't ibang mga kondisyon ng iyong buto, kalamnan at kasukasuan.**

www.world.physio/wptday
#worldptday

World Physiotherapy